# PROLOGUE

Pagkalabas ng airport ay mabilis na sumakay ng taxi si Flynn. Kahit batikang pintor ay hindi magagawang ipinta ang kanyang mukha. She was very, very angry!

Sino ba ang hindi magagalit kung darating na lang sa iyo ang balitang ikakasal na ang boyfriend mo? And to think na isang buwan lang naman silang nagkahiwalay.

Isang buwan kasi siyang tumigil sa London para kumuha ng special arts class. Sinamantala lang niya ang offer ng ninong niya na sponsorship. Advantage kasi para sa mga artists na katulad niya ang may trainings abroad.

At ngayon ngang araw na ito na nagbalik siya sa Pilipinas ay mismong araw ng kasal ng boyfriend niyang si Liam. Inis na tumingin siya sa relo; alas diez na ng umaga. Nag-uumpisa na ang wedding ceremony.

Lalong kumulo ang dugo niya pagkaalala sa taksil na nobyo. Ipinakilala ito sa kanya ng isang common friend nila. At dahil crush niya ang binata, sinagot niya ito nang manligaw sa kanya. Magtatatlong

buwan pa lang ang relasyon nila. Malay ba niyang hindi lang pala siya ang girlfriend nito? At kung hindi pa tumawag sa kanya ang kaibigang si Agnes ay hindi pa niya malalaman na ikakasal na pala ito!

*Makikita mo, Liam! Walanghiya kang lalaki ka!* nanggigigil na naisip niya.

Hihiyain lang niya ito. Isisiwalat niya sa buong mundo ang pagiging two-timer nito pagkatapos ay saka siya lalayo. Wala siyang balak habulin ang isang hindi karapat-dapat na lalaki. Pero hindi naman siguro masamang gumanti.

"Mama, pakibilisan po," aniya sa driver. Mabuti na lamang at sa *San Agustin Church* lang ang seremonya. Ilang minutong biyahe lang iyon mula sa *NAIA*.

Nag-uumpisa na nga ang seremonya nang marating niya ang simbahan.

"Mama, pakihintay na lang po ako dito," bilin niya sa matandang driver. Mukhang mabait ito at mapagkakatiwalaan. Bibigyan na lamang niya ito ng malaking tip mamaya.

Walang kaabug-abog na pumagitna siya sa aisle.

"Itigil ang kasal!" hiyaw niya.

Natigil sa pagsasalita ang pari. Naglingunan lahat sa kanya ang mga taong nakaupo sa pew. Kahit ang parehang ikinakasal ay lumingon din. At nang magtama ang mga mata nila ng groom ay parang gusto niyang bawiin ang sinabi.

*Shit! Hindi siya si Liam!*

“What is the meaning of this?” sigaw ng isang matandang lalaki na sa hula niya ay kamag-anak ng bride.

Nagkagulo na sa loob. Nabulabog at nagbulungan ang mga guests. Lalong nalito ang lahat nang biglang sampalin ng bride ang groom at nag-walk out ito.

Hindi naman malaman ni Flynn kung paano niya nagawang makalabas ng simbahan. Suwerte na rin dahil walang humarang sa kanya. Wala nga yatang nakapansin na nakalabas na siya.

Nagmamadali siyang sumakay ng taxi.

“Alis na po tayo, Mama!”

Pinaandar na ng matanda ang sasakyan. Hustong pagtapat nila sa entrada ng simbahan nang siyang labas naman ng groom. Yumuko siya bago pa man siya nito makita.

# 1

Ibinaba ni Flynn ang hawak na chisel at wood mallet sa work table, dinampot ang face towel at pinunasan ang pawisang mukha. Matapos i-stretch ang pagod na mga braso ay patamad siyang umupo sa sofa.

Nagkakahugis na ang wood sculpture niya. She smiled with satisfaction. At twenty-five, isa siya sa mga budding sculptors ng bansa and also one of the youngest. She was an artist by heart. Namana niya iyon sa namayapang mga magulang na parehong pintor. Nag-graduate siya ng Fine Arts sa *University of the Philippines* at kumuha rin ng special art courses sa London. She had mastered metal and stained glass sculpture but she preferred wood carvings. Para kasi sa kanya, kahit patay na ang isang puno, hindi pa rin nawawala ang spirit nito. And sculpting a work of art on that wood restores its life.

Tumayo na si Flynn. Alas nueve na ng gabi; oras na para magpahinga siya.

Iniligpit niya ang carving tools at kinuha ang puting kumot na itinakip niya sa ginagawang sculpture. Pagkatapos linisin ang mga nagkalat na wood chips ay pinatay na niya ang ilaw at lumabas

ng workshop. Matapos ikandado ang maliit na shed ay nilakad niya ang ilang hakbang papasok sa tinutuluyan niyang bahay. Pamana pa iyon sa kanya ng mga magulang.

Sumalubong kaagad sa kanya si Nemo, ang alaga niyang Rottweiler. Maamo ito sa kanya at sa mga taong kilala, pero mabangis sa mga estranghero. Kaya naman kahit nag-iisa lang siya sa bahay, hindi siya natatakot. At isa pa, matitino ang mga tao sa barangay na iyon sa Mogpog, Marinduque.

“Gutom ka na ba?” tanong niya sa alaga. Tumahol ito nang dalawang beses. Natatawang ginulo niya ang balahibo nito sa leeg bago tumayo at tumungo sa kusina. Kinuha niya ang bowl nito at nagsalin ng dog food bago iyon inilapag sa harapan ng aso.

Siya ma’y nagluto na rin ng dinner; ginisang corned beef at itlog. Mainit pa ang kaning natira kanina sa rice cooker.

Pagkatapos kumain ay nilagyan niya ng leash ang alaga. Bitbit ang flashlight ay naglakad-lakad sila sa loob ng kakahuyan na sakop ng kanilang lupa.

Pagkatapos ng ilang minuto ay nagbalik sila sa bahay. May bitbit siyang ilang piraso ng maliliit na sanga ng kahoy na puwede niyang ukitin.

Pagpasok sa loob ng bahay ay muli niyang pinakawalan si Nemo. Nagpaikut-ikot ito sa loob. She went inside her room and switched on her laptop. *Yahoo Messenger* kaagad ang sinilip niya. Napangiti siya nang malapad nang makitang naka-online si Xander.

*fleuradelyn: Malapit na ang Moriones Festival. Baka gusto mong pumasyal dito sa Marinduque.*

Xander smiled and typed:

*alex_30: Sa Holy Week iyan, di ba? Bale two months from now?*

*fleuradelyn: Yup! Punta ka na. Malapit lang naman ang Marinduque sa Manila.*

*alex_30: Sounds interesting nga. O sige, aayusin ko ang schedule ko para makapunta ako diyan.*

*fleuradelyn: Ayan! Basta i-text mo lang ako kung matutuloy ka. Para makapaghanda naman ako.*

*alex_30: Sige. Matagal pa naman. At saka mag-uusap pa tayo sa ibang araw.*

*fleuradelyn: Oo nga. Speaking of usap, I have to go na. Inaantok na ako, eh. Next time na lang uli, ha?*

*alex_30: Ako nga din. Pumipikit na ang mga mata ko.*

*fleuradelyn: It's a good night, then! Chat with you next time. Sweet dreams!*

*alex_30: Sweet dreams din!*

Pilyang nag-add pa siya ng kiss and hug emoticons. Hindi na ito nag-reply. He logged out.

---

"Mukhang busy ka pa din, ah. Wala ka bang balak umuwi?" putol ng pinsang si Jester na biglang sumulpot sa kanyang opisina. Isa itong architect. Naroon din sa building na pag-aari ng kanilang pamilya ang sarili nitong architectural firm.

Umiling si Xander. "Sa penthouse na lang ako matutulog. May meeting ako bukas ng umaga at nine. Ikaw, ano pa'ng ginagawa mo dito? It's almost midnight."

"Nawili akong tapusin iyong dine-design kong bahay."

Umupo ito sa gilid ng mesa niya at ipinihit ang laptop paharap dito.

"Ano ba'ng pinapanood mo at nakangiti ka pa kanina?"

"Wala akong pinapanood. May ka-chat kasi ako."

"Ka-chat? As in chatmate?" natatawang tanong nito. "Sa tanda mong iyan, naloloko ka pa rin sa chatting?" buska nito.

"Ano naman ang masama? Ano ba ang pinagkaiba ng chat sa *Twitter* or sa *Facebook* or sa texting?"

"But it's so unlike you!"

"Look, nakatuwaan ko lang, okay. Nagkataon lang na nag-e-enjoy akong kausap si Fleur. She's quite nice and smart."

"Fleur? At taga-saan naman ang Fleur na iyan?"

"Sabi niya taga-Marinduque daw siya. And she's inviting me to go there para sa *Moriones Festival*."

Humalakhak si Jester.

"Ano ang nakakatawa sa sinabi ko?"

"Para kasing… excited ka. Umiilaw iyang mga mata mo, o!" Sinabayan uli nito ng nakalolokong tawa ang biro. "Hmm… mukhang nagbago na ang playboy kong pinsan. Nagsawa ka na ba sa mga babaeng naghahabol sa iyo kaya't ibang avenue

naman ng pakikipagbolahan ang pinili mo?"

"Ano'ng ibig mong sabihin?" Napakunot-noo pa siya.

"Well, mas may thrill nga 'yung hindi mo personal na nakikita ang kausap mo. Naroon 'yung mystery. Iyon nga lang, mahirap din kasi baka sa pakikipagkuwentuhan lang magaling iyang Fleur na iyan. Baka sa personal, eh, alam mo na, walang mukhang ihaharap."

Tumayo siya at inambaan ng kutos ang pinsan. Tumatawang umiwas ito.

"Alam mo ikaw, bagay na bagay sa iyo ang pangalan mo. Ang galing mong mang-asar!"

"Biro lang, ikaw naman." Tumikhim ito at pinigil ang sariling tumawa muli.

Siya naman ay binuksan ang personal refrigerator at kumuha ng dalawang canned beer. Initsa niya kay Jester ang isa.

"Kumusta na nga pala si Tita?" seryosong tanong nito.

"Ayun, hanggang ngayon kinukulit pa rin akong mag-asawa."

Dahil sa binanggit na salita ay naalala niya tuloy iyong nangyaring gulo sa wedding niya three years ago. Nang tumitig siya sa pinsan ay nahulaan niyang pareho lamang sila ng naalala.

Three years ago, he was about to marry Katryn Nolasco. Ito ay anak ng may-ari ng *Nolasco Holdings*. It was a marriage for convenience on his part dahil may hinahabol siyang merger with the said company. At ang pakasalan si Katryn ang naisip niyang paraan para mapadali iyon.

Wala siyang pakialam na hindi niya mahal ang dalaga. They were sexually compatible at nagkakasundo sila sa maraming bagay. Isa pa, sa lahat ng naging girlfriends niya ay ito ang tumagal.

Pero hindi nangyari ang nasabing merger dahil hindi natuloy ang kasal. May isa kasing pakialamerang babae na biglang umeksena bago pa man sila makasagot ng 'I do'. Nagalit si Katryn at umalis. Kahit anong paliwanag niya ay hindi nito pinansin. At kahit ang mga magulang nito ay nagalit din sa kanya.

Last time he heard of her, happily married na ito sa isang kababata at may isa nang anak.

"Alam mo, ngayon ko lang na-realize na

nakakatawa pala iyong eksena noon sa church. Imagine, may nangahas sa isa sa mga ex mo."

"Hindi ko siya ex, Jester. Noon ko nga lang nakita ang babaeng iyon!"

Nagtaka ito. "Talaga? Eh, bakit niya pinigil ang kasal mo?"

Nagkibit-balikat siya. "Hindi ko rin alam. Ni walang nakakilala sa kanya so hindi ko siya maipahanap."

"Hmm…" ani Jester na prenteng nakaupo sa sofa, nakadekuwatro at hinihimas pa ang baba. "But I have to admit, naging blessing in disguise pa sa iyo iyong pagkakatigil ng kasal mo."

"Paanong blessing in disguise? Hindi ko nga nakuha iyong gusto kong merger, di ba?"

"That's what I mean! You're marrying Katryn for the wrong reason!"

Nangunot ang kanyang noo. "Ano ang problema doon? We both agreed to it. Alam ni Katryn ang dahilan ko at pumayag siya."

"Kahit pa. Mali pa rin."

Napailing siya. Mukhang balak na naman nitong

isingit ang issue about love.

Si Xander ang tipo ng lalaking hindi naniniwala sa love and commitment. He loved flirting with girls, have sex with them occasionally, but to commit to a lifelong relationship out of love? Isang malaking no-no sa kanya iyon.

Inalok lamang niya noon ng kasal si Katryn dahil nga may tina-target siyang merger sa negosyo ng pamilya nito. Kung hindi ay nunca na mag-propose siya rito.

Wala namang issue sa kanya kung kailangan niyang magpakasal. But it will be on his terms.

“Marriage is a lifelong commitment. At kahit pa compatible kayong dalawa ng isang babae, if you don’t love her, hindi ka tatagal na makisama sa kanya for the rest of your life.”

He scoffed. Sinasabi na nga ba niya. Trust Jester to lecture him about the ups and downs of love. Kunsabagay, one-woman man talaga ito.

“I don’t believe in love, okay. At hindi ko kailangan iyon. Magpapakasal ako sa sarili kong dahilan, and it doesn’t have to be love.”

Ngumisi ito at tinaasan siya ng isang kilay.

"Katuwiran mo iyan. Wala akong karapatang baguhin. Sinasabi ko lang sa iyo ang opinion ko."

Nagkibit-balikat na lamang siya.

Nagpaalam sa kanya ang pinsan nang maubos nito ang beer. Siya naman ay umakyat na sa penthouse nang umalis ito.

Hinubad niya ang suot na polo at patamad na umupo sa sofa. Treinta y dos pa lamang siya pero ang laking responsibilidad na ang nakaatang sa kanya. Sa kanya kasi iniwan ng daddy niya ang pamamahala sa *Leyson Group of Companies*, isang conglomerate ng chain of department stores and restaurants, realty development corporation at ang pinakamalaking logistics company sa bansa. Wala namang problema sa kompanya. At patuloy pa iyon sa paglago.

But it still wasn't enough. Naroon ang hindi matugunang restlessness sa kanyang puso. He wanted more. Kung ano iyong *more* na gusto niya ay isang malaking palaisipan pa rin sa kanya hanggang ngayon.

He sighed. Binirahan niya ng tayo at tuluyang hinubad ang natitirang kasuotan. Pumasok siya sa banyo matapos muling kumuha ng beer sa refrigerator. Pinuno niya ng maligamgam na tubig

ang bathtub at inilubog ang sarili.

Kahit paano ay na-relax ang mga muscles niya. Pansamantalang naglaho ang stress sa kanyang katawan.

# 2

Kapwa humahagikgik ang magkaparehang pumasok sa bedroom.

"Xander!" impit na hiyaw ng dalaga nang ililis ng lalaki ang bestida nito at damhin ang malusog nitong dibdib. Umikot ito at itinaas ang dalawang kamay upang mahubad na niya nang tuluyan ang maikling tela. She wasn't wearing a bra and her nipples stick out in silent invitation.

Dumaloy ang mainit na dugo sa buong katawan ng binata.

It was mid-afternoon on a Saturday. Tanghali na siyang nagising dahil wala namang pasok sa opisina. Nagpasya siyang sa mall na lang kumain para libangin ang sarili bago umuwi sa mansyon. It was there that he bumped into an old fling.

Si Pauline…

She ditched him in favor of a rugby player six years ago, bago pa man niya nakilala si Katryn. Hindi niya ininda iyon dahil hindi siya seryoso sa dalaga. In fact, binigyan pa siya nito ng pabor.

Kanina habang kumakain sila ay nabanggit nitong single itong muli. She insinuated na gusto nitong sumama uli sa kanya, kaya inaya niya ito sa condo unit niya.

Parang batang gutom na sinakop niya ang isang dibdib ng kaniig. Umungol ito at isinabunot ang mga daliri sa kanyang buhok. Tinanggal niya ang pang-ibaba nitong saplot habang hindi nilulubayan ang dibdib at mukha ng dalaga. Ito ma'y tumulong na ring mahubad ang suot niya. Nang pareho na silang hubo't hubad ay inihiga niya ito sa kama at pumaibabaw rito. He was about to impale her nang biglang bumukas ang pinto ng kanyang silid.

Matinis ang sigaw ng ginang na bigla na lamang bumungad sa kanilang harapan.

"Shit! Mom!"

Dali-daling tumayo ang binata at itinapi ang kumot sa pang-ibabang katawan. Si Pauline naman ay prenteng naupo lang at ni hindi nag-abalang takpan ang katawan.

"Mom, what are you doing here?" tanong niya sa ina.

Mrs. Diane Leyson looked ridiculous. Nakasandal ito sa hamba ng pintuan at ang isang kamay ay

nakasapo sa dibdib, nanlalaki ang mga mata at nakaawang ang bibig.

"Who… who is that g-girl?" she said in a squeaky voice.

Nilingon niya si Pauline na parang model pang nakahiga nang patagilid at nakasalalay ang ulo sa isang kamay.

"Jesus! Pauline, cover yourself!"

Noon lang ito tumayo at isa-isang dinampot ang nahubad na damit. Nang balingan niya ang ina ay pulang-pula ang mukha nito. Daig pa nito ang nakapanood ng video scandal na siya ang bida.

"How dare you, Alexander!" anito na para nang papanawan ng ulirat.

Lihim siyang napamura. Aminado siyang chickboy siya at hindi ito ang unang pagkakataon na nagdala siya ng babae sa condo unit niya. But this was the first time that his mother saw him as he was about to screw a girl.

"Mom, ang mabuti pa'y doon na kayo sa living room maghintay. Magbibihis lang ako."

"A-and what about her?" matalim na tanong nito. Huminga muna siya nang malalim bago sumagot.

"I'll take care of her."

May pagdududang tiningnan ng kanyang ina si Pauline. Tumaas pa ang isang perfectly trimmed eyebrow nito. Sunud-sunod ang ginawa nitong paghinga nang malalim. She gave the girl a sarcastic once-over before exiting the room.

"Xander, Honey…"

"Magbihis ka na, Pauline. Ipapahatid kita sa driver."

"But…"

"No more buts! Tatawagan na lang kita. Now please get dressed," utos niya. Siya ma'y naghagilap na rin ng maisusuot sa closet.

Pauline took her time putting on her dress. Parang sinasadya nitong i-display ang katawan para takamin siya. Pero wala na siyang gana. Sinira na ng dramatic entrance ng mommy niya ang kanyang sexual mood.

Tumalikod ito nang magsuot ng panty. And she kept wriggling her bottom in hopes na mapukaw uli ang pagnanasa niya.

Napailing na lang ang binata. Why did he hook up with this bimbo again?

“Hindi mo man lang ba ako ipapakilala sa mommy mo?” anito habang inaayos ang imaginary crease sa knee-length spaghetti-strapped summer dress nito. Bumubukol ang malusog nitong dibdib sa tela ng suot, bumabakat din ang hard nipples nito.

Pinakiramdaman niya ang sarili kung mag-iinit siyang muli. Pero humupa na ang init na kanina lang ay halos tumupok sa kanyang katawan. Kahit gumapang pa ito nang nakahubad sa paanan niya ay wala na talaga siyang gana.

Nakita niyang nakasimangot ito. And somehow, nakadama rin siya ng guilt.

Nilapitan niya ang dalaga.

“Hey, I’m sorry, okay? Hindi ko naman alam na darating si Mommy.”

“Pero kailangan ko ba talagang umalis?” Humarap ito sa kanya at iniyakap ang dalawang braso sa kanyang batok, grinded her hips lightly in hopes of eliciting a response. “P’wede naman akong maghintay dito.”

“Maiinip ka lang. Knowing my mom, she’ll talk for hours.” Inialis niya ang pagkakayakap nito sa kanya.

"Pero, Xander…"

Hindi niya pinansin ang pag-ungol nito. Lumapit siya sa drawer at inilabas ang kanyang wallet. He took out the remaining cash inside. He didn't bother counting the money.

"Here. Ito lang ang available kong cash. Magpunta ka sa mall and do some shopping. Kung kulang iyan, dadagdagan ko na lang kapag nagkita tayo ulit."

Lalong nalukot ang magandang mukha nito. Sandaling tinitigan lang nito ang bungkos ng paper bills na hawak niya, pero kalaunan ay kinuha rin. Gusto niyang mapangisi.

He went to the phone and dialed the guardhouse.

"Hello, Mang Peter, si Xander po ito. Can you get me a taxi? May ipahahatid lang po ako. Pakisabi na lang pong maghintay sa lobby."

Matapos sabihin ng guard na ito na ang bahala ay ibinaba na rin niya ang telepono.

"Nagpatawag na ako ng taxi," baling biya kay Pauline.

Umirap lang ito at padabog na dinampot ang handbag at nagmartsa palabas ng kanyang silid. Ni hindi nito pinansin ang kanyang ina na napatayo sa

paglabas nito. Halos ibalibag nito ang pinto nang lumabas ng kanyang unit.

"T-that girl… does not have an ounce of respect inside her system!" komento ni Mrs. Leyson na nabigla sa nakitang kabastusan ng umalis na dalaga.

"She's just upset, Mom."

"Why? Dahil hindi niya nailabas ang init ng katawan niya?"

Napangiwi si Xander. His mother could be tactless sometimes.

"Kaanu-ano mo ba ang babaeng iyon? Huwag mong sabihing siya ang latest girlfriend mo!"

Lumakad siya papasok ng kitchen kasunod ito. Nagsalin siya ng kape sa dalawang tasa.

"She's just a friend."

Shocked, she burst out, "Nakita ko siyang nakahubad sa kuwarto mo at sasabihin mong kaibigan mo lang siya? Ano ba ang balak niyang gawin? Teach you Anatomy 101? Really, Xander!"

"Mom… it's a normal thing between couples. As if naman hindi ninyo ginagawa ni Daddy iyon noon."

"Alexander, how dare you!"

Bigla siyang bumunghalit ng tawa.

"Iyan ang hirap sa inyong mga kabataan. Ginagawa n'yo na lang laro ang sex. You just have *no* respect."

"Mommy, I'm just a normal male. At kasalanan ko ba kung gusto rin ako ng mga babae? Uso na ngayon ang casual sex. And as long as may mutual understanding between us, walang problema."

"Hah! Kaya kung sinu-sino na lang ang dinadala mo sa kama. Hindi ka ba natatakot magkasakit?"

Tinaasan niya ng isang kilay ang ina.

Hindi naman siya isang sex maniac gaya ng nais nitong palabasin. Totoong may ilang babae na siyang nadala sa kama, pero hindi ibig sabihin niyon na kahit sino na lang ay pinapatulan niya. Marunong siyang mamili. At hindi overactive ang libido niya.

"I'm already thirty-two. I can take care of myself."

"Hmph! Believe me, Alexander, kapag hindi ka tumino, you'll give me a heart attack one of these days!"

Napabunghalit siya muli ng tawa.

"Wala ka namang sakit sa puso," sabi niya.

"Malapit na! At kasalanan mo pag nagkataon."

Tumatawang lumipat siya sa tabi ng ina at niyakap ito.

"Come on, Mom, you're just upset. Huwag mo na kasing pansinin si Pauline. Hindi naman ako seryoso sa kanya."

"I'm just worried about you."

"Wala kang dapat ika-worry. I'm fine!"

Umingos lang ang ginang. "Well, kahit ano pa ang sabihin mo, I won't stop worrying! Not until you find a wife who'll put you on a leash!"

Umasim kaagad ang mukha niya dahil sa sinabi nito.

"Mom, tell me hindi kayo nagpunta dito para pilitin na naman akong mag-asawa?"

"As a matter of fact, I did!"

Umungol siya at tinalikuran ang ina. Nagtuloy siya sa sala at binuksan ang TV. Sumunod ito at inagaw sa kanya ang remote.

"Mommy!"

Hindi siya pinansin ng ina. Pinindot nito ang off

button.

"Hindi ka ba naiinggit kay Katryn? She's happily married samantalang ikaw ay single pa din. Parang ipinapakita mo sa kanyang hindi ka pa maka-get over sa pag-urong niya sa kasal ninyo noon!"

"Mom, kayo lang ang nag-iisip ng ganyan. I'm completely over her and honestly, masaya ako para sa kanya," pahayag niya.

"Pero iba ang nagiging impression ng ibang tao. And I'm sick and tired of Marina telling me how bitter you have become dahil naghiwalay kayo ng anak niya!" Ang tinutukoy nito ay ang ina ni Katryn na dating amiga nito.

"Huwag n'yo na lang kasing pansinin si Tita Marina, okay?" naiiritang tugon niya.

"How can I? Naiinsulto ako! Parang pinalalabas niyang patay na patay ka sa anak niya," Mrs. Leyson grunted.

He rolled his eyes heavenward. Hindi na bago sa kanya ang litanyang iyon ng ina.

"Bakit kasi hindi ka pa maghanap ng babaeng pakakasalan mo?"

"Mommy…"

"I'm not getting any younger. Gusto kong makita man lang ang apo ko sa iyo bago ako mamatay."

"Hindi ka pa mamamatay, Mom. At kung apo lang ang gusto mo, madaling remedyuhan iyan," aniyang nakangisi. Hindik na tumitig ito sa kanya.

"I will not have a bastard inside my family! Huwag kang magkakamali, Alexander!"

Humagalpak siya ng tawa. Mukha ngang magkakaraon ito ng sakit sa puso dahil sa kanya.

"Okay, fine! You want me to get married? Tell me when and I'll marry Pauline."

Daig pa nito ang sinabihang mamamatay na ito bukas.

"P-pakakasal ka sa babaeng iyon? Over my dead body!"

Kulang na lang ay lumabas ang eyeballs nito sa pandidilat ng mga mata. Muli siyang napahagalpak ng tawa.

"Akala ko ba gusto ninyong mag-asawa na ako?"

"Pero huwag naman sa babaeng iyon, utang-na-loob! Ni hindi nga ako nagawang irespeto!"

Pinigil na niya ang tumawa nang makitang

lumungkot ang anyo nito. She sighed loudly.

"You're not taking me seriously! Bakit ba sa tuwing kinakausap kita tungkol sa bagay na ito'y palagi mo na lamang akong idinadaan sa biro?"

Huminga muna siya nang malalim bago hinarap ang ina.

"Hindi sa ganoon, Mom. I just can't see myself marrying someone again. Alam mong allergic ako sa commitment. If it hadn't been for business, hindi ko aalukin ng kasal noon si Katryn."

"Well, it's a good thing na umeksena ang babaeng iyon noon. That girl saved you from a doomed fate. Kung natuloy ang kasal ninyo ni Katryn, baka hindi rin kayo naging masaya. You don't love each other."

*Uh-oh! Here we go again!* Gusto niyang magtakip ng tainga. Alam na kasi niya kung ano ang susunod na sasabihin nito.

"Why can't you just at least try to fall in love? Falling in love is just wonderful! Iba kapag mahal mo ang kasama mo. It's different when you feel sparks fly everytime you hold her hand. You'll smile for no reason, you'll have sleepless nights just thinking about her. And you won't feel complete kung wala siya sa tabi mo. Don't you just find it sweet?"

"Uh-huh…" aniya na patamad pang sumandal sa sofa at ipinikit ang mga mata.

His mother was an incurable romantic. Sa ganitong mga usapan, he can't help but wonder kung siya ba talaga ang anak nito at hindi ang pinsan niyang si Jester. They shared the same views with respect to love and commitment. Samantalang siya ay hindi naniniwala sa dalawang bagay na iyon.

"You should try it sometimes!" she said sharply. Napangiwi na lang siya. "I want you to start looking for a decent girl to marry. And this time, marry her because you love her at hindi dahil may makukuha kang pabor sa kanya."

"Imposible iyan. I don't believe in love, remember?" tanggi niya.

"Hah! Even the most cynical man is not immune to love. Kakainin mo rin iyang sinabi mo when you meet the right one."

"I won't, okay? I'm telling you, hindi mangyayari sa akin ang ma-in love sa isang babae. If you want me to get married, fine. I will. Pero *ako* ang magtatakda kung kailan. At *ako* rin ang mamimili. And it doesn't have to be someone that I have to love first."

May finality sa tono niya. But knowing his

mother, hindi niya ito matitinag nang ganoon lang.

With a dour expression on her face, dinampot nito ang mamahaling handbag at tumayo.

“Saan kayo pupunta?”

“I’m leaving. Hindi ka rin lang naman makausap nang matino, uuwi na lang ako!” she said, visibly upset.

Umungol siya. “Mommy naman!” Sinundan niya ito ng tingin. Lumingon ito bago pa pihitin ang seradura.

“I’m serious this time, Alexander! Find someone to love and marry her! And do it soon. I want to meet her on my birthday. Kapag wala kang ipinakilala sa akin, kalimutan mo nang ina mo ako!”

“What?”

Pero tunog na lang ng isinarang pinto ang narinig niya.

Xander groaned. Inis na umupo siya sa sofa. Itatakwil siya ng ina kapag wala siyang ipakilalang fiancée rito exactly after… seven months? At alam niyang hindi ito nagbibiro.

Damn! Paano ba magpalaki ng magulang?

Hindi niya alam kung kaawa-awa ang kanyang sitwasyon o katawa-tawa.

# 3

Hustong pagpasok ni Flynn sa loob ng bahay nang tumunog ang kanyang landline phone.

"Hello?"

It was Agnes, her best friend cum agent.

"Best Friend, may magandang balita ako sa iyo," excited na sabi nito. "Nagustuhan ni Mrs. Edinburg ang mga gawa mo. She's agreed to include your works sa bubuksan niyang exhibit next month!"

Hindi siya nakaimik kaagad.

"Hello? Flynn, 'andiyan ka pa?"

Ipinilig niya ang ulo. "Ah, y-yeah! N-nabigla lang ako sa ibinalita mo," tugon niya, hindi pa rin talaga makapaniwala.

Magbuhat nang magsimula siya sa pinili niyang profession, si Agnes na ang pumapel na agent niya bilang sa Manila ito naka-base. She had been talking with exhibit organizers and art enthusiasts for several months. Desidido itong tulungan siyang ipakilala sa buong mundo ang galing niya bilang isang iskultor.

At heto na nga. Dumating na ang kanilang big break.

"Mag-uumpisa ang exhibit sa first week ng March. Ano na ba ang progress n'ung ginagawa mong life-size sculptor?"

"Malapit na siyang matapos."

"Tingin mo, matatapos mo bago mag-March?"

"Oo naman."

"Okay, sige, ipadala mo sa akin ang picture ng finished sculpture kapag natapos mo. Have your other works ready na rin. Ipa-freight na lang natin papuntang Manila."

Ilang minuto pa silang nagkuwentuhan bago ito nagpaalam.

Tulala pa rin siya kahit naibaba na niya ang telepono. Kumahol si Nemo at dinilaan ang kanyang kamay.

"Narinig mo iyon, Nemo? I-e-exhibit ang mga gawa ko! Isn't it exciting?"

Sunud-sunod na kahol ang isinagot ng aso. Natatawang ginulo niya ang balahibo nito.

"Pupunta na ako sa workshop. Dito ka lang, ha?"

parang batang pinagsabihan niya ang alaga. Sumunod ito sa kanya hanggang sa pinto ng workshop pero hindi na ito pumasok. Alam nitong magtatrabaho siya. And he was trained not to disturb her.

Isang kahol ang ginawa nito bago nagpaikot-ikot sa looban. Nakangiting isinara na niya ang pinto.

Inalis ni Flynn ang kumot na nakatabing sa life-size sculpture na kasalukuyan niyang ginagawa. Katawan ng punong narra ang ginawa niyang medium. Ibinenta iyon sa kanya ng isang kapitbahay na kinailangang putulin ang puno dahil magpapalagay ito ng second floor sa bahay.

Napangiti siya habang hinihimas ang kanyang obra.

It was the figure of two naked bodies in an intimate embrace. One doesn't have to be an expert to guess that the two figures are about to engage in the act of making love. Magkalapit ang mga mukha ng dalawa, their eyes half-closed and with lips parted as if they were about to kiss.

Hindi iyon ang konseptong nasa isip niya nang ipasok niya sa workshop ang piraso ng tree trunk. But when her hand started to draw the rough sketch, parang may sariling buhay ang kanyang mga daliri.

Parang may isang unknown being na bumulong sa kanyang iyon ang gawin. It must be the tree spirit. Gusto nitong muling mabuhay sa porma ng isang parehang nag-iibigan. And what better way of portraying love than the passionate joining of two bodies?

Hinaplos niya ang mukha ng lalaki, dinama ang nakaawang nitong labi. And then she looked at the girl, so eager to taste his lips, to feel that glorious feeling.

Uminit ang kanyang pakiramdam.

*Hay, Flynn, umandar na naman ang pagiging hopeless romantic mo!*

Naiiling na kinuha niya ang mga gamit sa toolbox. Nakapagtatakang nadadala siya sa nakikitang emosyon sa ginagawang obra. It's either mahusay siyang talaga na nagagawa niyang ilipat ang nararamdaman sa isang piraso ng kahoy o nangungulila lang siya para sa isang partner.

Parang ayaw pumayag ng isip niya na mas angkop sa kanya iyong pangalawang rason.

Moving on after that failed relationship with Liam hadn't been easy. Lalo pa sa isang katulad niyang masyadong old-fashioned ang pananaw sa

pag-ibig. Kung hindi niya natuklasan ang panloloko nito, she would've been determined to make their relationship last. Marahil ay tadhana na ang gumawa ng paraan para mapagtanto niyang hindi ito ang lalaking nakatakda para sa kanya.

Pagkatapos nito, wala na siyang nakarelasyon pang iba. Naging abala siya sa kanyang career. Ngayon na lamang niya uli napagtuunan ng pansin ang kanyang matamlay na love life.

Kinuha niya ang carving knife at sinimulan ang trabaho. Kaunting finishing touches na lamang ang kailangang gawin at okay na ang sculpture. Excited na siyang mai-display ito sa exhibit hall, katulad din ng ibang maliliit na sculpture na kanyang ginawa.

Nang sumunod na mga oras ay naging abala siya. Pansamantala niyang nakalimutan ang personal niyang dilemma sa pag-ibig.

Kinagabihan, habang kumakain ay nakatanggap siya ng tawag sa cellphone. Hindi familiar sa kanya ang number.

*Baka si Agnes…*

She pressed the call button.

"Hello?"

There was a pause. Inulit niya ang pag-hello.

"Ang ganda pala ng boses mo," came the masculine voice from the other end. Parang isang radio DJ ang kausap niya dahil malamig sa pandinig ang boses nito.

"Sino 'to?"

"Xander…"

"Xander?" Sandali siyang natigilan. Unconsciously ay nailagay niya ang isang kamay sa tapat ng dibdib. Her heart was pounding wildly.

Nakilala niya si Xander nang minsang maengganyo siyang makipag-chat. Iyong isa kasi nilang kapitbahay ay pinalad na makatagpo ng mapapangasawa sa internet. She was hoping she'd find her luck too. Alam naman niyang suntok sa buwan na makakilala ng matinong lalaki sa chatroom at hindi naman siya ganoon kadesperada. Inwardly, gusto lang niyang may makausap na ibang tao, aside from her very limited circle of friends, to make up for her very boring social life.

Na-vibes niyang matino si Xander, kaya siya nakipagkaibigan dito. They chatted almost every night. Ibinigay nga pala niya ang number niya sa binata the last time they chatted. Nawala na iyon sa

isip niya dahil hindi naman ito tumawag. Until now…

"Nabigla ka ba? Ngayon lang kasi ako nakatawag."

"Y-yeah! Nakalimutan ko na ngang ibinigay ko ang number ko sa 'yo. Ang tagal mo yatang di nag-online?"

She bit her lip. Did she sound excited? Baka iba ang isipin nito.

"Oo nga. Bakit? Na-miss mo ba ako?" pagbibiro nito. Kahit hindi niya kaharap ang binata, namula pa rin ang kanyang mukha. At pakiramdam niya ay ang init ng buong katawan niya.

"H-hindi naman gaano." She heard him laugh. At natulala siya nang may ilang segundo. "B-bakit nga ba hindi ka nag-online ng almost a week?" she struggled to sound casual. "Masyado ka bang pine-pressure ng boss mo?"

Ang alam niya ay isang executive assistant ito sa isang manufacturing firm. Isang businesswoman naman ang pakilala niya rito, which was partly true. Dahil isa siya sa nag-su-supply ng souvenir items sa *Prima Gifts and Trinkets*, isang local souvenir shop na nasa Mogpog.

"Hindi naman. Marami lang kasi akong iniisip."

"May problema ba sa opisina?" tanong niya na hindi naitago ang concern. She heard him chuckle.

"Bakit na-se-sense mo agad kung may problema ako?"

Hindi rin niya alam. Hindi naman ganoon ka-sensitive ang pandama niya pagdating sa ibang tao. But with Xander, parang palaging nasa heightened alert ang sixth sense niya.

"I... I don't know. Baka dahil sa boses mo. P-para kasing uneasy ka."

Narinig niya ang pagbuntong-hininga nito.

"Actually, hindi ako sa work nape-pressure. Kinukulit na ako ni Mommy na mag-asawa."

Hindi niya akalaing iyon ang sasabihin ng binata. Kung hindi lamang sa biglang pag-ahon ng selos ay baka natawa na siya dahil sa tono nitong parang batang nagsusumbong.

Pero bakit siya magseselos? Kaibigan lang niya ito.

"Problema ba iyon? Di ayain mo na'ng magpakasal ang girlfriend mo!"

Ni minsan ay hindi niya tinanong sa binata kung

may kasintahan na ito. Siguro ay dahil natatakot din siyang malaman.

“Hindi ko alam kung sino’ng pipiliin sa kanila.”

Biro iyon na pakiramdam niya ay may bahid ng katotohanan. So Xander was indeed a charmer! Katulad din ni Liam.

Nakadama siya ng pagkadismaya.

“Siyempre, piliin mo kung sino’ng mahal mo. Ganoon naman dapat, di ba?”

“Hmm… I’m not so sure about that.”

Nangunot ang noo niya. Isa ba ito sa mga lalaking hindi naniniwala sa pag-ibig?

“Nga pala, open pa ba ’yung invitation mo sa akin next month?”

Next month na ang *Moriones Festival*. At inimbitahan nga niya ang binata na magbakasyon sa Marinduque. Ngayong natiyak niyang may girlfriend na ang binata at posibleng hindi lang isa, nagdadalawang-isip siya tuloy kung itutuloy pa ang imbitasyon dito.

Paano kung gamitin nito ang charms sa kanya at ibilang siya sa list of girlfriends nito? Ngayon pa nga

lang na sa telepono niya ito kausap ay malakas na ang sikdo ng kanyang dibdib, paano pa kung makikita niya ito sa personal? Malakas ang kutob niyang hindi ito isang ordinaryong lalaki.

*Bakit ka matatakot? Sigurado ka bang magugustuhan ka niya?*

Oo nga naman!

Baka gusto lang talaga nitong magbakasyon para makapag-isip na rin.

"Hindi ka na sumagot. Nagbago na ang isip mo?" Nahimigan niya ang pagtatampo sa tinig nito. "Okay lang, I understand. Mahirap na talagang magtiwala ngayon sa isang estranghero."

"H-hindi sa ganoon." Napangiwi siya. Alam niya kasing na-offend niya si Xander. "Welcome ka pa rin dito. Pagtiyagaan mo nga lang itong bahay ko. At saka iyong aso ko."

"Sigurado ka?"

"Oo naman! May tiwala ako sa iyo."

"Great! Akala ko, na-turn off ka na."

She couldn't help but smile.

"Don't worry. Hindi ako maselang tao. And I

love dogs. Natitiyak kong wala tayong magiging problema."

"May request lang sana ako," aniya.

"Ano iyon?"

"Don't seduce me."

---

Nagulat si Xander sa sinabi ng dalaga. Ito pa lamang ang kauna-unahang babaeng tila ayaw ma-in love sa kanya. And for him it came as a challenge.

"Hmm… iyan ang hindi ko maipapangako. Lalo kung maganda ang kaharap ko."

"Good thing na hindi ako maganda," katuwiran ni Fleur.

"That remains to be seen," hamon niya.

"Kaya nga sinasabi ko na sa iyo para hindi ka na mag-isip. I'm just plain and ordinary."

Tumawa siya. "Ako ang mag-de-decide niyan, okay? Pero para mapanatag ka, sige, mangangako akong hindi kita gagamitan ng charms ko. Pero kapag na-in love ka pa rin sa akin, hindi ko na kasalanan 'yun, ha?"

Natahimik ito sa kabilang linya. He could almost imagine her rose-colored cheeks and pouting lips. At ang mukhang rumehistro sa kanyang isip ay hindi ordinary.

May pakiramdam si Xander na hindi nagsasabi ng totoo ang dalaga. Bigla tuloy siyang na-curious sa hitsura nito. Kung bakit kasi pumayag pa siya noon sa suggestion nito na mas exciting kung hindi nila alam ang hitsura ng isa't isa.

"Hindi ako ma-i-in love sa iyo," pukaw ng kausap.

"Talaga? Parang siguradong-sigurado ka."

"Kilala ko ang sarili ko. I won't fall in love with you. Kahit gaano ka pa kaguwapo!"

She said it with so much determination na pakiramdam niya ay higit nitong kinukumbinsi ang sarili sa halip na siya. And that marked up the challenge tenfolds.

*Let's just wait and see…*

Sa halip na sabihin iyon ay tumawa na lamang siya.